# Mga Katotohanan Tungkol sa Pag-abuso sa mga Matatandâ

## Ano ang Pag-abuso sa mga Matatanda?

- Ang pag-abuso sa mga matatanda ay anumang kilos o kawalan ng kilos ng sarili o ng iba na nagdudulot ng pinsala sa kalusugan o kabutihan ng sinumang matandâ.
- May iba't-ibang mga anyô ng pag-abuso sa mga matatandâ, katulad ng pananalapi, damdamin, pangkatawan, sekswal, o pagpapabayâ at kadalasan ay magkasabay na nangyayari ang higit sa isang uri ng abuso. Ang dalawang pinakamadalas na nangyayari at iniuulat na uri ng pag-abuso sa matatanda sa Canada ay ang pananalapi at damdamin na abuso.

## Sino ang mga biktima?

- Ang sinumang matandâ ay maaaring maging biktima ng abuso sa matatandâ anuman ang kasarian, lahi, etniko, kinikita, o edukasyon.
- Kaunti lamang ang datos tungkol sa abuso sa matatandâ sa Canada at sa buong mundo. Ito'y kadalasan dahil kadalasan ay hindi ininatala ang pag-abuso sa matatandâ. Gayunman, ipinapahayag ng iba't-ibang mga pag-aaral na nasa pagitan ng apat at walong porsiyento ng mga matatandâ sa Canada ang karaniwang inaabuso.
- Maaaring hindi ipaalam ng isang matandâ ang pag-abuso sa kanila dahil sa kahihiyan o budhi. Minsan, ang mga biktima ay walang kapasidad na ipahayag ito. Hindi man makapagpahayag o ayaw man magtala ang isang biktima, ang ilan sa mga hadlang sa pagpahayag ng pag-abuso sa mga matatandâ ay ang takot, pagmamahal sa taong nag-aabuso, kawalan ng pag-unawa o pagkakaroon ng kapansanan, dahil hindi nila nalalaman ang mga pagpilian, o pagtanggap na ang pag-abuso o pagpapabaya ay normal.

## Sino ang mga nag-aabuso?

- Ang pag-abuso sa mga matatandâ ay karaniwang ginagawa ng isang taong nakikilala ng biktima, tulad ng isang kapamilya, kaibigan, o tagapagbigay-alaga. Humigit-kumulang sa 25 porsiyento ang mga krimen laban sa mga mas nakatatanda ay ginagawa ng mga kapamilya, karaniwan isang asawa o anak na nasa hustong gulang.
- Maaaring kabilang sa mga nag-aabuso ang mga kaibigan, mga kapitbahay, mga binabayarang tagapagbigay-tulong, mga propyetaryo at tauhan, o sinumang pansarili na nasa posisyon ng kapangyarihan, pagkakatiwala, o awtoridad.

## Ano ang mga senyas ng pag-aabuso sa mga matatandâ?

- Tulad ng ibang mga uri ng karahasan sa pamilya, mahirap maunawan kung bakit nangyayari ang pag-abuso sa mga matatanda. Ang pag-abuso sa mga matatandâ ay karaniwang naaapektohan ang mga pangkaisipan at pangkatawang kondisyon ng taong nag-aabuso at ng biktima, at ang mga sanhi na ito ay nagdedepende sa mga pansarili na kasangkot at sa sitwasyon.
- Kabilang sa mga peligrong sanhi ng pag-abuso ay ang: kasaysayan ng abuso sa asawa; kapangyarihan sa pamilya, kapag nag-iisa; mga kamag-anak o mga kaibigan o mga kapitbahay na may problema, hindi makaya ang pangmatagalang pangangalaga; mga kondisyong pang-institusyon; ang pagtandâ at kawalan ng kaalaman tungkol sa proseso ng pagtandâ; at ang pagtanggap ng lipunan sa karahasan.



Government of Alberta

Alberta Elder Abuse Awareness Network

- Ang mga karaniwang palatandaan ng pag-abuso sa matatandâ ay ang pagiging hindi sigurado kung ano ang nangyayari, kalungkutan o pagkabahala, hindi maipaliwanag na pinsala sa katawan, pagbabago sa pangangalaga sa kalusugan, parang natatakot kapag napapaligiran ng ilang mga tao, at takot o pag-aalala kapag pinag-uusapan ang pera.

## Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko'y ako ay inaabuso?

- **Kung kayo ay nasa dagliang panganib, umalis.** Magpunta kaagad sa isang ligtas na lugar, tulad ng bahay ng isang kapitbahay, kaibigan, o kamag-anak. Magpunta sa isang tindahan o opisina o hilinging dalhin kayo sa isang bahay taguan. *Kung hindi kayo makaalis sa inyong bahay, tumawag kaagad sa 9-1-1*.
- **Kumilos at magpunta sa korte.** Ang lahat ng anyô ng abuso ay hindi tama. Ang ilang mga anyô ay labag sa batas. Pag-isipan ang kumuha ng isang utos ng korte na magbibigay-proteksyon na magpapahintô sa isang nang-aabusong tao na kumontak sa inyo.
- **Magkatiwala sa isang taong mapagkakatiwalaan mo.** Kasaupin ang isang taong *pinagkakatiwalaan* mo at sabihin sa kanya ang nangyayari. kaibigan o kapamilya; public health nurse; social worker; home care worker; isang tao sa inyong lugar ng pagsamba o isang doktor.
- **Gumawa ng isang talaan.** Isulat kung ano ang nangyayari sa iyo; gumawa ng isang pang-araw-araw na talaan. Matutulungan kayo nitong idokumento ang pag-abuso at matutulungan ninyo ang iba na matulungan kayo kung kailangan ninyo ito.
- **HUWAG SISIHIN ANG INYONG SARILI** ***Alamin na hindi ninyo ito kasalanan at may tulong na makukuha.*** Mangyaring humingi ng tulong dahil ***hindi kayo dapat abusuhin.*** Maraming mga grupo sa inyong komunidad ang nais tumulong sa inyo na protektahan ang inyong mga karapatan, kaligtasan, at inyong karangalan.

## Sino ang dapat kong tawagan kung ako'y inaabuso o sinususpetsahan ko na may matandâ na inaabuso?

- Ang sumusunod ay listahan ng provincial at community elder abuse resources.
- Dapat kontakin kaagad ng sinumang inaabuso o nasa dagliang panganib ang pulis sa pamamagitan ng pag-dial sa 911.
- Ang Family Violence Info Line sa 310-1818 para humingi ng impormasyon, payô, at referrals. Ang 24 oras na numero ay matatawagan nang libre, 7 araw bawat linggo. May serbisyo sa higit sa 170 wika.
- Ang Safeguards for Vulnerable Adults Information and Reporting Line sa 1-888-357-9339 (matatawagan nang libre) upang ireport ang pag-abuso ng isang taong nasa hustong gulang na binibigyan ng publicly funded care o support services *(Protection for Persons in Care)*; mga reklamo ukol sa hindi pagtupad sa mga pamantayan ng pagbigay-tulong sa supported living at long-term care facilities *(Accommodation Standards)*; o mga aksyon ng isang kasamang gumagawa ng desisyon, tagapagbigay-alagay, o trustee *(Office of the Public Guardian)*.
- Ang impormasyon ukol sa pag-abuso sa mga matatandâ ay makukuha sa website ng Alberta Seniors and Community Supports sa www.seniors.alberta.ca
- Ang Alberta Elder Abuse Awareness Network website ay may naibibigay na kaalaman, resources at tools tungkol sa pag-abuso sa mga matatandâ para sa mga taong nakikipagtulungan sa mga nakatatanda sa Alberta. Bisitahin ang website sa www.albertaelderabuse.ca.